Oregon Department of Justice's
CIVIL RIGHTS UNIT

# Malayang Pananalita at Pagkamuhing Pananalita: Ano ang mga Interseksyon?

Paunawa: Ang dokumentong ito ay hindi layunin na maging legal na payo, ngunit sa halip ito ginagamit bilang gabay para maunawaan ang mga limitasyon sa pagkriminalisa ng malaya na pananalita sa Oregon at sa Estados Unidos. Ang dokumentong ito ay hindi naglalarawan sa mga paniniwala at mga kahalagahan ng Yunit ng Karapatang Sibil. Ito ay pinagsama-samang impormasyon batay sa umiiral na batas.

## Mga Konstitusyonal na Proteksyon para sa Malayang Pananalita

Ang mga Konstitusyon ng Estados Unidos[i] at Oregon[ii] ay nagbibigay ng kalayaan sa pagsasalita upang protektahan ang mga indibidwal mula sa panghihimasok at paghihiganti ng **pamahalaan**, hindi mula sa panghihimasok o paghihiganti ng mga pribadong entidad o sa mga taong hindi sumasang-ayon sa iyong sinasabi.

## Ngunit ano ang ibig sabihin nito?

Dahil sa mga kumplikado sa pagpaliwanag kung ano ang protektado ay malayang pananalita, mas madaling ibahagi kung ano ang **hindi protektadong** pananalita. Hindi protektadong pananalita – kung saan maaaring makialam ang pamahalaan – ay maaaring kalakip ang:

- Perjury (Pagsisinungaling sa ilalim ng panunumpa)
- Pagbabahagi ng impormasyon ng kalakalan sa loob[iii]
- Slander (paninirang-puri[iv] na salitang pahayag)
- Libel[v] (mapanirang-puri na pasulat na pahayag)
- "Mga totoong banta" tulad ng tinukoy sa Korte Suprema ng Estados Unidos at ng 9th Sirkito ng Hukuman ng mga Pag-aapela[vi]
- Pag-uudyok sa karahasan/sindak/kaguluhan/kilos na labag sa batas[vii] na:
  - Napipinto[viii] at
  - Inaaasahan[ix]
- Bandalismo na sumisira sa mga ari-arian ng ibang tao

- Maling impormasyon sa komersyal na pananalita (hal. - mga korporasyon na nagbibigay ng nakaliligaw na impormasyon, mapanlinlang na mga pahayag, o mga maling pag-aangkin sa paraang makasisira sa mga mamimili)
- Pornograpiya ng bata[x]
- Pandarambong at plahiyo[xi]

### Bakit wala ang pagkamuhing pananalita sa listahang ito?

Ang pagkamuhing pananalita ay tumutukoy sa mapang-abusong salita na partikular na pinatatamaan sa isang tao o mga tao dahil sa kanilang lahi, kulay, pambansang lahi, etnisidad, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, sekswal na oryentasyon, o kapansanan. **Sa Oregon, ang pagkamuhing pananalita ay bumubuo ng isang "insidente ng hindi patas na pagtingin" sa ilalim ng ORS 147.380 kung ang pananalita ay kaugnay sa aktwal o inaakalang lahi, kulay, pambansang lahi, relihiyon, pagkakalinlan ng kasarian, sekswal na oryentasyon, o kapansanan**.

**Ang pagkamuhing pananalita at mga insidente ng hindi patas na pagtingin ay hindi mga krimen.** Ang alagad ng batas ay walang awtoridad na gambalain, patahimikin, o arestuhin ang isang tao dahil sa pagsasagawa ng pagkamuhing pananalita o mga insidente ng hindi patas na pagtingin. Gayunpaman, sa maraming kaso, ang pagkamuhing pananalita o mga insidente ng hindi patas na pagtingin na isinagawa sa ilang partikular na lugar ay lumilikha ng Paglabag sa mga Karapatang Sibil – gaya ng kung ito ay nangyari sa trabaho, lugar ng pangangalaga sa kalusugan, sa paaralan, sa negosyo o silid-aklatan. Ang mga pribadong entidad, gaya ng mga plataporma[xii] ng sosyal medya, mga pribadong mapagtratrabahuan, at mga paaralan, ay maaaring may mga termino na ipinagbabawal ang ilang pagsasalita, kabilang na ang pagkamuhing pananalita; itong mga pagbabawal ay karaniwang *hindi* lumalabag sa mga konstitusyon ng U.S. at Oregon.

**Ang pagkamuhing pananalita at mga insidente ng hindi patas na pagtingin ay maaaring palaging iulat sa pambuong estadong Bias Response Hotline ng Oregon, at maaaring merong mga susunod na mga opsyong hakbang para sa taong pinatatamaan.**

### Paano naman ang Flyering sa Masa?

Maraming mga bayan at kapitbahayan sa Oregon ang pinatatamaan ng mga kampanya ng flyering sa masa, kung saan ang kontra-Hudyo at mga karagdagang nakakasakit na mensahe ay nagkakalat sa mga pintuan, mga bintanang panangga ng hangin ng kotse, mga hulugan ng sulat, at mga daanan ng sasakyan sa harap ng bahay. Ang ilang mga bayan ay may mga ordinansa laban sa flyering na nagbabawal ng *anumang at lahat ng flyering,* kabilang ang mga paskil sa nawawalang aso, mga impormasyon sa kandidato ng pulitika, mga anunsyo sa pagbubukas ng negosyo, mga paninda sa garahe, at mga nagpapatama/pagkamuhi na mensahe. Ang mga ordinansang iyon ay hindi mga pagkakasalang kriminal, ngunit maaaring magresulta ng mga multa para sa mga taong namamahagi ng mga ito. Ang pag-ulat sa alagad ng batas ay importante sa pagkolekta ng ebidensya at pagimbestiga kung ang flyering ay maaaring kriminal sa ilalim ng batas ng Bias Crime sa Ikalawang Antas ng Oregon (ORS 166.155). Ang pag-uugaling ito ay maaari ring iulat sa Hotline Tugon sa Hindi Patas na Pagtingin ng Pambuong Estado ng Oregon para sa pagsubaybay ng mga datos, suporta, pagplano sa kaligtasan, at mga karagdagang mapagkukunan.

## Karagdagang Impormasyon at mga Mapagkukunan

### Ang Pagtatanggol sa Hindi Maipagtatanggol

Ang mga tao ng Estados Unidos at Oregon ay nagsama ng malakas na proteksyon sa malayang pananalita sa mga konstitusyon ng pederal at estado. Sa paggawa nito, pinili ng mga tao na "ipagtanggol ang hindi maipagtatanggol" at protektahan – bilang malayang pananalita – pagkamuhing pananalita mula sa panghihimasok ng pamahalaan. Bahagi ng pagsusuri ay kung sino ang magdedesisyon kung saan ang limitasyon? Kung ang mga opisyal ng pamahalaan, na likas na mga mga pigura ng pulitika ay naihalal sa opisina kadalasan basi sa kanilang pagkakaugnay sa pulitika, ang namamahala sa pagtatakda ng mga pamantayan at pagtukoy sa pagpapasya kung anong pananalita ang hindi pinapayagan, ang mga paghihigpit na mga ito ay magbabago depende sa politikal na aktor sa opisina, at ang kapangyarihang iyon para mapatahimik o mapapigil ay gagamiting sandata laban sa mga tumututol[xiii].

### Mga Kaso ng Malayang Pananalita sa Korte Suprema

Ang Korte Suprema ng Oregon at ang Korte Suprema ng Estados Unidos ay paullit-ulit na pinoprotektahan ang pagkamuhing pananalita bilang malayang pananalita.

Mayroong buong klase sa batas paaralan na tumatalakay sa mga kaso ng malayang pananalita, ngunit narito ang dalawang kaso na maaaring gusto mong malaman:

### Skokie

Ang isa sa pinaka sikat na mga kasong malayang pananalita ay tinatawag na *Skokie*, o Pambansang Sosyalistang Partido ng America (NSPA) v Nayon ng Skokie, 432 U.S. 43 (1977). Ang NSPA, isang neo-Nazi na grupo, ay regular na nagdaraos ng mga puting kapangyarihang demonstrasyon habang nakasuot ng kanilang mga bandera na nakatali sa kanilang braso  na may swastika at nagpapalaganap ng pagkamuhi ng lahi at relihiyon, pangunahin laban sa Hudyo at hindi mga puti. Ang Nayon ng Skokie ay nagsampa ng pag-uutos at nagtayo ng mga ordinansa na naglalayong pigilan ang demonstrasyon at kasunod ang pagkamuhing pananalita. Sa huli, pinasasayahan ng USSC na "kung ang isang Estado ay naglalayong magpataw ng pagpigil sa mga karapatan sa Unang Susog, ito ay dapat magbigay ng mahigpit na mga pananggalang sa pamamaraan, kabilang ang agarang pagsusuri ng apela... Kung wala ang naturing pagsusuri, dapat payagan ng Estado ang pananatili. Ang utos ng Korte Suprema ng Illinois ay bumubuo ng pagtanggi sa karapatang iyon."[xiv]

### Johnson

Sa Oregon, Estado v Johnson, 345 Or. 190,191 P.3d 665, ay isang desisyon noong 2008 ng Korte Suprema ng Oregon na isinantabi ang isang seksyon ng mga batas ng Panliligalig ng Oregon sa ilalim na ORS 166.065(1)(a)(B), na nagbibigay ng:

*Ang isang tao ay gumawa ng krimen ng panliligalig kung siya ay nagsadyang*
*(a) manligalig o mang-inis ng ibang tao sa pamamagitan ng:*
*(B) Pang-iinsulto sa publiko sa ibang tao sa pamamagitan ng mga abusong salita o mga kilos sa intensyong paraan at malamang magdulot ng marahas na sagot.*

Ang nasasakdal na si Johnson ay sumigaw ng pagkamuhi sa mga homosekswal at kontra-Itim/Aprikano na mga pang-iinsulto sa dalawang mga biktima ng krimen habang sinusundan sila ng malapitan ng limang minuto sa trapiko, hindi kailanman tinakot ng berbal o aktwal na gumawa ng karahasan, ngunit sinubukang udyukan ang isa sa mga biktima sa karahasan. Sinabi ng ORSC na "kahit na ang pananalita na ang layunin at malamang magdulot ng karahasan ay hindi maaaring maging kriminal maliban kung ito ay napipintong karahasan." Binanggit ng korte na ang batas, ayon sa kintatayuan nito, ay "nagwawalis ng labis na protektadong

pananalita ng malapitan para malagpasan ang … hamon.” Habang ang “ekspresyon” ng nasasakdal na si Johnson “ay maaaring nakakasakit … ang estado ay hindi maaaring pigilan ang lahat ng pananalita na nakakasakit sa samahan ng batas kriminal.[xv]

Para sa karagdagang pagbabasa at pakikinig tungkol sa malayang pananalita:

Sa Liberty Podcast ng ACLU, Tanungin ang Eksperto: Ano ang Malayang Pananalita?

Amerikanong Kalayaang Sibil ng Oregon Papel ng Kinagisnan ng Malayang Pananalita

Malayang Pananalita sa Unibersidad ng Estado ng Oregon

Sentro ng Pananaliksik ng Pew Mga Amerikano at ‘Cancel Culture: Kung Saan Nakikita ng Ilan ang Panawagan para Panagutin, Habang ang Iba Nakikita ang Pagsensura, Parusa

freedom of speech | Wex | US Law | LII / Legal Information Institute (cornell.edu)

*The Race Beat: Ang Mamamahayag, ang Pakikibaka ng mga Karapatang Sibil, at ang Paggising ng Isang Bansa ni Gene Roberts at Hank Klibanoff*